PANALANGIN NG

# Pag-asa

BATAY SA

## Job 14:7-9

*Kahoy na pinutol ay may pag-asa,*
*muli itong tutubo at magsasanga.*

*Kahit pa ang ugat nito ay matanda na,*
*at mamatay ang puno sa kinatatamnan niya,*
*ngunit ito'y nag-uusbong kapag diniligan,*
*ito'y magsasanga tulad ng batang halaman.*



**Rev. Dr. Adlene Kufarimai**
*Direktor ng Connectional Ministries North Alabama Conference*
*Birmingham, AL*

***Ang kawalan ng pag-asa ay tila nasa abot-tanaw ng aming mundo ngayon.***

Diyos, parang ang aming mga puso ay nababalot ng tensyong panlahi, poot, pagkasiphayo, pagkabigo at marami pang ibang isyu ng mapaghamong buhay. Sa panahong ito, tulungan Mo kami Panginoon na siyasatin ang aming mga puso at pagsisihan ang hindi nakalulugod sa Iyong paningin.

Ang aming buhay ay maaaring tila lumang tuod na nabubulok. Sa Job 14:7-9 ipinapaalala Mo sa amin ang buhay na pag-asa na maaaring maranasan kahit sa mga sitwasyong iyon na parang nabulok na tuod.

Sa mundong ito na nahahati sa lahi, idinadalangin ko Panginoon na:
sumibol sa amin ang mga usbong ng pagmamahal,
sumibol sa amin ang mga usbong ng pagkakaisa,
sumibol sa amin ang mga usbong ng pangangalaga sa isa't-isa,
sumibol sa amin ang mga usbong ng pagpapatawad at pagkakasundo.

O Panginoon, idinadalangin ko ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang punuin ang aming mga puso habang magkasama kaming naglalakbay sa gawaing ito ng katarungang panlahi. Ang aking panalangin ng pag-asa ay na kaming lahat ay maging "tagapangalaga ng aming mga kapatid." Baguhin ang aming mga puso upang kami ay makapagpalago ng mga bagong sangay ng PAG-IBIG.
Tulungan Mo kami Panginoon, upang maging mga taong nagbibigay ng pag-asa sa iba. Nawa'y ang aming pag-asa ay sa aming Panginoong Hesukristo, na dumating upang kami ay ipagkasundo sa Iyo Panginoon. Bigyan kami ng pananampalataya at pag-asa upang maniwala na sa Iyo at sa pamamagitan Mo, ang katarungang panlahi ay magiging posible. Amen.



**Benjie B. Benitez, OSL**
*Pastor*
*First UMC-Dagupon Temple*
*Dagupan City, Philippines*

***O Dakilang Lumikha, Ikaw ang Diyos na nagbibigay kulay sa aming buhay.***

Sa panahon ng aming kalungkutan at kahinaan kapwa ng katawan at kaluluwa, ipinapaalala Mo sa amin na hindi kami nag-iisa. Na kaya naming dalhin ang mga pasanin ng isa't-isa. Upang maging mas magaan ang mabibigat na pasanin. Kung ang mga problema at kahirapan ay magpapabagsak sa amin, kami ay luluhod at iipunin ng aming lakas at kami ay babangon. Sa hustong gulang, lagi naming tatandaan na hangga't may pag-asa, may buhay. Ikaw ang aming pag-asa at lakas sa mga panahong ito ng pagsubok. Inilalagay namin ang aming tiwala kay Hesus, ang aming buhay na pag-asa. Amen.



**Rev. John Oda**
***Program Manager, Asian American Language Ministry Plan***
*Pinole, CA*

***Mapagpala at Mapagmahal na Diyos,***
Kadalasan ang aming isipan ay nagninilay-nilay tungkol sa nakaraan
o sinusubukan naming hulaan ang hinaharap.
Nais naming malaman na ang lahat ay magiging OK.
Nais naming makasiguro na ang aming mga mahal sa buhay ay magiging maayos,
na ang aming lugar sa mundong ito ay ligtas.
Tulungan Mo kaming itatag ang aming pagtitiwala sa Iyo, O Panginoon.
Bigyan Mo kami ng kaalaman na sa pamamagitan Mo, at sa Iyo lamang,
nabubuhay ang aming pag-asa.
Ipagkaloob Mo sa amin na patuloy naming mapalago ang kaalaman tungkol sa Iyo,
upang ang aming mga puso ay maging mahinahon tungkol sa hinaharap.
Sa mga panahong ito ng walang katiyakan, tulungan Mo kaming ilagay ang aming
pag-asa at pananampalataya sa Iyo
at sa Iyo lamang.
Idinadalangin namin ang lahat ng ito sa pangalan ng Banal.
Amen.



**Kenneth Dulanas Base**
***Local Youth Pastor***
***UMC-Mortola St.***
***Cagayan de Oro City, Philippines***

***Diyos ng katuwiran at Pag-ibig***
***Alugin ang aming matigas na puso at isulong kami sa paggawa ng hustisya.***

Bigyan kami ng kapangyarihan upang tulungan ang mga taong
winasak ng mga epekto ng digmaan, paglilipat, kahirapan, takot, pagkabalisa,
pang-aapi at diskriminasyong panlahi.
Bigyan Mo kami ng pusong nagpaparamdam ng simpatya
at kamay na nagtataas ng Iyong pagod na bayan.
Pusong sumisigaw ng hustisya
at dumudurog ng kasamaan.
Inaabot namin ang Iyong makalangit na trono
upang pamunuan kami at dumulog sa amin.
Pagkaisahin Mo kami sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Banal na Espiritu
at palibutan Mo kami ng Iyong mapag-isang pag-ibig
at mapagpanumbalik na hustisya.
Amen.



**Sinulat ni Reverend Michael Anthony Parker II, M.Div.**
*Pangunahing Pastor, Journey United Methodist Church*
*Temple Hills, MD*

***Diyos ng pag-asa at ng lahat ng tao, sa mundong napakadali itong gawin, pinipili naming huwag na hindi manampalataya.***

Pinipili naming huwag na hindi magtiwala. Pinipili naming huwag mag-alinlangan o boluntaryong mabalot sa takot. Pinili naming huwag panghinaan ng loob. Pinipili naming hindi mamuhay, sumandig o magkulong sa dalampasigan ng kawalan ng pag-asa. Ang aming kasaysayan sa Iyo, Diyos ng lahat ng mga posibilidad, ay isang puspos ng bawat halimbawa ng Iyong walang kaparis na kakayahan, bawat sandali ng Iyong walang katapusang kapangyarihan, at bawat pakikipagtagpo sa Iyong walang hanggang biyaya.

Kahit sa mga disyertong alam naming pang-araw-araw na buhay, ang aming pag-asa ay nasa Iyo, Tubig ng Buhay, at alam naming may pag-asa para sa amin. May pag-asa para sa pagod at para sa hindi nauunawaan. May pag-asa para sa mga hindi pinapahalagahan at para sa mga biktima.

Tiyak, hindi Mo ninanais na iwan kami dito. Ikaw ang aming ilaw sa dulo ng lagusan, at gayunman ang aming patuloy na Kasama sa daan. Nagtitiwala kami na kung saan Mo kami dinadala, kami ay mas magiging katulad, kakilos at kaamoy Mo. Tulad ng ang puno ay umaasa sa kahit na amoy ng tubig upang buhayin ang paglago nito, kami ay umaasa sa Iyo, Banal na Diyos, para sa kung ano ang bubuhay sa amin upang gawing mas katulad Mo.

Sa ngalan ng Natatangi na aming pag-asa, kami ay nananalangin. Amen.



**Rev. Dr. Carlos A. Ramos Graulau**
*GCORR Board Member*
*Rev. Dr. Maj Deputy Wing Chaplain USAF*
*& Dr. Waleska Serrano*
*Columbus, MS*

***Panginoon,***
***bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga nasa kahirapan.***

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa komunidad na nasa labanan ng lahi.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga nahaharap sa rasismo sa iba't-ibang lugar sa lipunan.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga walang pag-asa.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga nasa panahon ng digmaan.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga hamon na kinakatawan ng pagiging magulang.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga bata ng mundo.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa lahat ng simbahan sa buong mundo na tumutulong sa kanilang komunidad na maging mas matapang sa kabila ng pagkakaiba-iba ng lahi.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa para sa mga pinuno ng gobyerno habang nahaharap sila sa kawalan ng hustisya sa lahi.

Panginoon, bigyan Mo kami ng pag-asa!

Idinadalangin namin ang lahat ng ito sa Iyong Banal na Pangalan. Amen.

1 Tesalonica 5:17-Magsipanalangin kayong walang patid.



**Sifa Hingano**
***Pastor sa Cal-Nev Conference***
*Oakland, CA*

***Manalangin tayo — ketau lotu.***

Aming Diyos ng paglikha, nilikha Mo ang langit at lupa, kahit na ang lupa ay walang hugis o anyo ngunit sinabi Mong “magkaroon ng liwanag.” At nagkaroon ng buhay para sa walang pag-asang mundo.

Salamat, Panginoon, may pag-asa para sa aming mundo.

Pinuno Mo ang mundo ng bawat uri ng bagay na may buhay at nakita Mo kung gaano ito kaganda.

Salamat, Panginoon, may pag-asa para sa aming mundo.

Nilikha Mo kami sa Iyong sariling imahe, sa Iyong banal na imahe bilang lalaki at babae at pareho kaming mahalaga sa Iyo. Binigyan Mo kami ng responsibilidad na pangalagaan ang Iyong nilikha. Pinagpala Mo ang Iyong nilikha at ginawa itong banal.

Salamat, Panginoon, may pag-asa para sa aming mundo

Ikinalulungkot namin Panginoon, ginulo namin ang Iyong nilikha, tumalikod kami sa Iyo, ngunit Ikaw ang aming Diyos ng pag-ibig. Ibinigay Mo sa amin ang Iyong bugtong na anak na si Hesukristo upang tubusin ang Iyong mundo at iligtas kami sa aming kasalanan

Salamat, Panginoon, binigyan Mo kami ng pag-asa para sa aming ngayon at sa aming bukas sa pangalan ni Hesukristo na aming Panginoon at aming Tagapagligtas. Amen.